Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
**DIVISION OF CEBU PROVINCE**
Sudlon, Lahug, Cebu City

July 31, 2017

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 484 s. 2017

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2017 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

**To : Assistant Superintendents**
**CID/SGOD Chiefs**
**Education Program Supervisors/Coordinators**
**Public Schools District Supervisors**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 31 s. 2017 na pinamagatang "**Ulirang Guro sa Filipino 2017 ng Komisyon sa Wikang Filipino**" na may petsang Marso 1, 2017 para sa impormasyon ng lahat.

2. Ito ay alinsunod sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at iginawad sa mga natatangi at karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa.

3. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), 2/F Watson Building, 1610 J.P. Rizal Street, San Miguel, Maynila sa telepono blg. )02) 243-9855 o mag email sa kwfssg@gmail.com o sa website: www.kwf.gov.ph.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RHEA MAR A. ANGTUD, Ed.D., CESO VI**
Schools Division Superintendent

Republic of the Philippines
# Department of Education

01 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **31** , s. 2017

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2017 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamahala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtatampok ng **Ulirang Guro sa Filipino 2017** alinsunod sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Ang Ulirang Guro ay taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatangi at karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa. Ang Ulirang Guro ay kailangang magpamalas ng angking husay, talino, at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad, at may makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura.

3. Ang timpalak ay bukas sa mga guro sa Filipino at mga gurong nagtuturo ng ibang disiplina gamit ang wikang Filipino, sa mga pampubliko at pampribadong paaralang elementarya at sekundarya, maliban sa mga kawani ng KWF at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at sa kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

4. Ang mapipiling *Ulirang Guro sa Filipino* ay makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala mula sa KWF.

5. Kalakip nito ang Tuntunin sa Paglahok at Pagpili ng mga Ulirang Guro sa Filipino 2017.

6. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)**, 2/F Watson Building, 1610 J.P. Rizal Street, San Miguel, Maynila sa telepono blg. (02) 243-9855 o mag-email sa kwfssg@gmail.com o sa website: www.kwf.gov.ph.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 28, s. 2016
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTEST
LEARNING AREA, FILIPINO
SEARCH
TEACHERS

APA/R-DM Ulirang Guro sa Filipino 2017
0086/January 28, 2016

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

19 Abril 2017

**RHEA MAR A. ANGTUD**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Dibisyon ng Cebu, Kagawaran ng Edukasyon
6000 BAEX Bldg., Capitol, Lungsod Cebu

Mahal na Tagapamanihala **Angtud:**

Muli po naming hinihiling ang inyong tangkilik at pakikiisa sa pagtataguyod ng gawad *Ulirang Guro sa Filipino 2017* sa pamamagitan ng maigting na pagpapabatid at promosyon ng *Ulirang Guro sa Filipino,* at paghikayat sa mga guro sa Filipino sa inyong distrito/dibisyon na lumahok sa nasabing gawad.

Ang gawad sa *Ulirang Guro sa Filipino 2017* ay isa sa mga taunang gawad na ibinibigay ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa.

Layunin ng gawad na ito na maparangalan ang mga guro na gumagamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo upang maging modelo sa mga mamamayang Filipino sa pagtangkilik ng pambansang wika.

Kalakip ng liham na ito ang DepEd Memorandum para sa gawad *Ulirang Guro sa Filipino*, tuntunin sa paglahok, mga poster, at pormularyo ng nominasyon.

Maaari ninyong tawagan si **Gng. Remedios P. Vasquez** kung kayo'y may mga tanong o paglilinaw sa **2439855** o **09420434031** o sumulat sa **kwfssg@gmail.com** o **rapenarand05@gmail.com**.

Sumasainyo,

**PURIFICACION G. DELIMA**
Komisyoner/OIC Tagapangulo

para kay **VIRGILIO S. ALMARIO,** National Artist
Tagapangulo

Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, 1005 San Miguel, Maynila
(02) 736-2519 – SEN, 736-2525 – SPP, 516-0326 – Telefax
www.kwf.gov.ph komfil@kwf.gov.ph

Ulirang Guro sa Filipino 2017

FORMULARYO SA PAGLAHOK

## I. Personal na Impormasyon

**Buong Pangalan:**

(G./Gng./Bb./Dr.) ____________________________________________

*Apelyido* *Unang Pangalan* *Gitnang Pangalan*

Adres: ____________________________________________

*Numero* *Kalye* *Barangay*

____________________________________________

*Siyudad/Bayan* *Probinsiya*

| Araw ng Kapanganakan | Lugar ng Kapanganakan | Edad |
|---|---|---|
| Pangalan ng Asawa (Kung mayroon) | Bilang ng anak (kung mayroon) | Kasarian |
| Contact Number | Email adres | |

Paaralang Pinagtuturuan: ____________________________________________

Adres: ____________________________________________

Contact Number: ______________________ Email adres: ______________________

Baitang/Taóng Tinuturuan: ____________________________________________

Espesyalisasyon/Asignaturang itinuturo: ____________________________________________

## II. Mga Katangian ng Nominado

(I-tsek ang kahon)*

- ☐ May kaukulang lisensiya sa pagtuturo, full-time at permanenteng istatus
- ☐ Karanasan sa pagtuturo: _____ taon
- ☐ Antas ng kahusayan (performance rating) _______
- ☐ May pananaliksik/publikasyon/serbisyong panlabas
- ☐ May inisyatiba sa pagtataguyod sa wikang Filipino
- ☐ May mga natanggap na parangal, gawad, at katulad

## III. Sertipiko ng Pagsang-ayon

Pinatutunayan nitó na tutupad ako sa lahat ng kahingian ng gawad at may pahintulot ako sa pagpása ng nominasyon.

Pinatutunayan din nitó na ako ay nása hustong kalagayan upang sumailalim sa ebalwasyon ng gawad. Sa pamamagitan nitó, tinatanggalan ko ng responsabilidad at pananagutan ang Komisyon sa Wikang Filipino at Sentro ng Wika at Kultura mula sa mga anomalya at lisya na maaaring magmula sa aking paglahok.

Pinagtitibay nitó ang kawastuan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad sa pormularyong ito. Batid ko ang posibilidad ng diskalipikasyon kapag nakatuklas ng palsipikasyon sa mga isinumiteng papeles.

Nilagdaan ngayong ____________________ sa ____________________________________.

_________________________

Pangalan at Lagdâ ng Nominado

## IV. Sertipiko ng Nominasyon

Pinatutunayan nitó na si ________________________________________________________,
(panalan ng nominado)

__________________________ ay isang full-time/permanenteng guro ng institusyong ito.
(posisyon/ranggo)

Kasalukuyan din siyang naglilingkod bílang ____________________. Mayroon siyang teaching
(posisyon/ranggo)

load na _______________ para sa ______________________________________________.
(bílang ng yunit) (akademikong taon at semestre)

Pinatutunayan ko rin na si ___________________________________ ay opisyal na nominado ng
(pangalan ng nominado)

institusyong ito para sa *Ulirang Guro sa Filipino 2017.*

| ___________ | _________________________ |
|---|---|
| Petsa | Panglan at Lagdâ |
| | _________________________ |
| | Designasyon |

Ang Ulirang Guro sa Filipino ang taunang gawad na ibinibigay ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga pili at karapat-dapat na guro sa Filipino sa kahit anong antas ng edukasyon sa bawat rehiyon.

Hinahangad ng tanggapan na makilala at maipagparangalan ang mga natatanging guro sa Filipino na nagpamalas ng angking husay, talino at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa kanilang komunidad.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •1991•

# ULIRANG GURO SA FILIPINO


Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, 1005 Maynila

Tel. Blg.: 736-2524/736-2525
736-2519/733-7260
Fax 516-03226
komisyonsawikangfilipino@gmail.com
www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino
www.kwf.gov.ph

MGA TUNTUNIN

1. Bukás ang timpalak sa mga guro sa Filipino at mga guro na nagtuturo ng ibang disiplina gamit ang wikang Filipino, maliban sa mga kawani ng KWF at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).
2. Ang mga nominado ay kinakailangang magtaglay ng sumusunod na katangian:
   a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET para sa nasa antas sekundarya at elementarya), full-time at may permanenteng istatus.
   b. Nakapaglingkod nang tatlo (3) o higit pang taon bilang guro ng Filipino o mga kaugnay na disiplina na ang gamit ay Filipino bilang wikang panturo at kasalukuyang nagtuturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.
   c. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon.
   d. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na gawain.
   e. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamanang pangwika at pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.
   f. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).
3. Maaaring magpása ang paaralan ng higit sa isang nominasyon.
4. Ang bawat nominado ay kailangang magsumite ng mga sumusunod na dokumento:
   a. Pormularyo para sa nominasyon (maaaring madownload sa websayt ng KWF);
   b. Komprehensibong Curriculum Vitae
   c. Rekomendasyon mula sa immediate superior ng kaniyang paaralan na naglalahad ng sumusunod:
      c.1 Katunayan ng kagalingan bilang guro sa Filipino o guro na gumagamit ng Filipino sa kaniyang pagtuturo na may makabansa at makataong kamalayan.
      c.2 Katunayan ng No Pending Case
   d. Folio ng mga katibayan ng pagkilala, gawad, publikasyon, at mga naisagawang seminar, palihan, at mga pananaliksik at proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.
   e. Kung nagtuturo ng ibang disiplina, ilakip ang mga patunay na nakapagtuturo gamit ang Filipino. Hal. modyul, banghay-aralin, silabus, pagsusulit, at iba pang kagamitang pampagtuturo nasusulat sa wikang Filipino

Kung sa tanggapan ng KWF isusumite ang lahok, kailangang magsumite ng hard copy file ng mga dokumento at soft copy file na násá isang (1) CD.

Ipadala ang lahok sa:

Lupon ng Ulirang Guro sa Filipino 2017
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila

Kung sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ipapadala ang lahok, kailangang magsumite ng dalawang (2) hard copy file at soft copy file na nása isang CD. Maiiwan ang isang kopya ng hard copy file sa tanggapan ng SWK.

5. Isasama sa mga nominado ang mga nominasyon noong nakaraang taon (2016) na nag-update ng kanilang mga dokumento. Ngunit kung walang idadagdag sa mga dokumentong naipasa noong nakaraang taon, hindi na ito isasama.
6. Hinihikayat ring muling magsumite ng mga lahok ang mga sumali noong taong 2014 at 2015 sa gawad na ito maliban sa mga nanalo na.
7. Ang huling araw ng pagsusumite ng mga lahok sa tanggapan ng KWF ay sa 14 Hunyo 2017. Maaari ding ipadala ang mga nominasyon sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) na nása probinsiya/rehiyong kinabibilangan ng nominado. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
8. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala ang mga mapipiling Ulirang Guro sa Filipino.
9. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng isinumiteng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik ng KWF.
10. Para sa karagdagang tanong at detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 243-9855
Email: komfil@kwf.gov.ph, kwfssg@gmail.com
Websayt: www.kwf.gov.ph

